# MGA KAUGALIAN SA PAGDALO SA MOSKE (MASJID) (1 SA 2 BAHAGI)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Hindi alam kung ano ang aasahan, ang pagdalo sa moske ay maaaring maging isang nakakatakot na karanasan. Ang mga aral na ito ay magtuturo sa mga pinakamahalagang aspeto upang gawing mas madaling mapuntahan o marating ang mga moske para sa mga bagong Muslim.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Mga Panalangin

**Ni:** Imam Kamil Mufti

**Nai-publish sa:** 16 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Layunin:

·Upang pahalagahan ang ginagampanan ng Moske sa buhay ng mga Muslim sa Kanluran.

·Upang matutunan ang 6 na magandang mga kaugalian sa pagdalo sa Moske.

Mga katawagan sa Arabik

·*Masjid* - ang terminong Arabik para sa Moske.

·*Imam* - ang taong namumuno sa pagdarasal.

·*Adhan* - Islamikong pamamaraan ng pagtawag sa mga Muslim para sa limang beses na obligadong pagdarasal.

·*As-Salamu Alaikum* - ang kapayapaan at mga biyaya ay mapasa-iyo.

·*Salam* - ang Islamikong pagbati tulad ng '*As-Salamu Alaikum*'.



Ang Masjid, na isinalin bilang Moske sa Ingles, ay ang nilalaman ng puso ng sambayanang Muslim sa Islam. Sa Kanluran, kadalasan ang mga Muslim ay bumibili ng lupa at nagtatayo ng Masjid dito. Sa ibang pagkakataon, sila ay bumibili ng simbahan o iba pang mga gusali at ginagawa itong isang Masjid. Minsan, sila rin rin ay umuupa ng isang silid, garahe, o ibabang bahagi ng isang gusali at ginagamit ito bilang pansamantalang Masjid.

Sa lahat ng pagkakataon, ang Masjid ay isang lugar para sa mga Mulsim kung saan nila nakikita o nakakasalamuha ang bawat isa sa araw-araw upang magsagawa ng mga pagdarasal at gayundin upang magsagawa ng iba pang mga gawain ng pagsamba at mga gawain na kapaki-pakinabang para sa komunidad ng mga Muslim.

Ang pinakamahalagang gawaing pagsamba na ginagawa sa masjid ay ang pagdarasal sa araw ng Biyernes. Ang limang pang-araw-araw na panalangin ay isinasagawa din dito ng karamihan sa kanila. Maraming mga masjid ang may isang nakatalagang Imam, isang namumuno sa pagdarasal, na mamumuno sa pang-araw-araw na mga panalangin. Ang ilan sa kanila ay walang nakatalagang Imam, nguni't isa sa mga dadalo ay mangunguna sa panalangin kapag dumating ang oras ng pagdarasal. Katulad nito, ang nakatalagang Imam ay maaari ring maghatid ng pang-Biyernes na pangaral (Khutbah) at pamunuan ang mga pagdarasal o maaaring may iba't ibang mga tagapagsalita na lingguhang nagpapalitan at nagbibigay ng pang-Biyernes na pangaral

Itinuro sa atin ni Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah) na ang mga Masjid ay tahanan ng Allah at may mga alituntunin ng kagandahang-asal at patakaran na dapat matutunan at sundin ng bawat isang Muslim na dadalo dito.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga alituntunin sa kagandahang-asal at mga kaugalian ng isang masjid:

1. Ang pagsamba ay ang unang pinahahalagahan. Ang pangunahing layunin ng pagpunta sa masjid ay upang sambahin ang Nag-iisang Tunay na Panginoon ng mga Kalangitan at sandaigdigan. Lahat ng iba pa ay pumapangalawa lamang. Maraming mga moske ay naghahandog ng mga palaro at panlipunang pagdiriwang tulad ng basketball, mga pagpapakain sa komunidad, mga piknik, at iba pa. Lahat ng mga ito ay kapaki-pakinabang, ngunit ito ay nagsisilbing pangalawang layunin. Ang masjid ay isang lugar para sa pagsamba sa Allah at kadalasang nangangahulugan ng panalangin at pagbabasa o pagbigkas ng Quran.

2. Ang pangkalahatang alituntunin ay nararapat na ang isang Muslim ay malinis, magsuot ng malinis na damit, at walang masamang amoy kapag siya ay darating sa moske. Dapat niyang iwasan ang lahat ng bagay na nagdudulot ng masamang amoy tulad ng ng pagkain ng hilaw na bawang, hilaw na sibuyas, o paninigarilyo.

Ang isang Muslim ay dapat na magsuot ng mga malinis na damit at mga medyas kung siya ay darating sa Masjid. Hindi lamang ang masamang amoy ang makaka-abala sa kanilang kapwa tao, bagkus sinasaktan din nila ang damdamin ng mga Anghel na naroroon. Tandaan, sa kabila ng lahat na ang Masjid ay tahanan ng Allah.

Kapag ang isang tao ay gumawa ng trabaho na siya ay pagpapawisan o magdudulot ng amoy sa katawan, siya ay kinakailangang maligo at magpalit muna ng damit bago pumunta sa Masjid. Iniulat na sinabi ni Propeta Muhammad (SAW):

"Sinuman ang kumain ng bawang at sibuyas, siya ay kinakailangang lumayo mula sa Masjid dahil ikasasama ng loob ng mga Anghel kung ano ang ikasasama ng loob ng mga anak ni Adan." (Saheeh Muslim)

3. Ang isang Muslim ay dapat na pumasok sa masjid na nauuna ang kanyang kanang paa, at pagkatapos ay sabihin kung ano ang iniulat mula kay Propeta Muhammad (SAW):

***"Allah-hum-maf-tah lee abwaaba rahmatik."***

***"O Nag-iisang Panginoon (Allah), buksan mo ang mga pintuan ng Iyong Awa para sa akin."***

Ang mga panalanging ito ay hindi obligado, gayunpaman ang pagsasabi nito ay gawaing magkakamit ng gantimpala.

***Gusto ni Propeta (SAW) na nagsisimula sa kanyang kanang bahagi sa lahat ng bagay. Ang kilalang kasamahan ni Propeta Muhammad, si Ibn Umar, bilang paggaya kay Propeta ay laging inuuna ang kanyang kanang paa sa paghakbang kapag siya ay pumapasok sa masjid, at ginagamit naman o nauuna ang kanyang kaliwang paa sa paghakbang paglabas ng masjid. (Saheeh Al-Bukhari).***

4. Upang mapanatiling malinis ang karpet, kung saan inilalapat ng mga tao ang kanilang mga mukha, nararapat na alisin ang kanilang mga sapatos bago pumasok sa loob ng Masjid o bahay-dasalan. Ito ay para din sa mga bata, na maaaring magdala ng dumi sa buong karpet - kasama na rin dito na hindi sila dapat tumakbo sa loob ng masjid o bahay-dasalan. Maraming mga moske ang may salansanan o lalagyan ng mga sapatos na dapat gamitin upang mapanatiling walang sagabal sa mga daanan at iba pang mga lugar mula sa sapatos. Pinapadali rin nitong makita ang mga sapatos pagkatapos ang pagdarasal.

5. Ang isang Muslim ay dapat na bumati sa mga kapatid na Muslim sa pamamagitan ng pagsasabi ng "*As-Salamu Alaikum*" sa mga tao na nasa masjid habang pumapasok siya dito, kahit na nakikita niya na ang mga tao ay nananalangin. Hindi niya kailangang isigaw ito. Ang pagsasabi nito sa naririnig na boses ay sapat na. Ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad (SAW) ay nagsasabi ng "*As-Salamu Alaikum*" sa Propeta habang siya ay nagdarasal, at siya ay tumutugon sa pamamagitan ng isang paggalaw o pagkumpas. Maraming mga ulat tungkol dito. Halimbawa, si Suhaib, isang Kasamahan ng Propeta, ay nagsabi: "Dumaan ako sa Sugo ng Allah habang siya ay nagsasagawa ng panalangin at nagbigay ng Salam sa kanya, (at) siya ay sumagot sa akin sa pamamagitan ng isang paggalaw." (Nasai)

***Sa ibang pagkakataon, tinanong ni Ibn Umar si Bilal, isa pang Kasamahan ni Propeta Muhammad (SAW), 'Paano mong nakita ang sagot ng Propeta sa mga Kasamahan***

***kapag sila ay nagsasabi ng Salam sa kanya habang siya ay nagdarasal? "Sinabi ni Bilal:" Sa pamamagitan ng pagbuka ng kanyang palad." (Tirmidhi)***

6 . Ang isang Muslim ay dapat subukang dumating sa tamang oras para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes o Jumu'ah, sa mga obligadong pagdarasal, o pagdalo sa mga aralin o lektura at mga pag-aaral. Ang mga huling pagdating ay nakakagambala na sa mga mag-aaral na nasa loob na ng klase, at ito ay kawalang-galang sa guro at sa iba pang mag-aaral o tagapakinig. Siyempre, para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes, ay may mga Anghel na nakaupo sa pintuan upang itala kung sino ang pumapasok, at sa pagtawag ng pagdarasal o Adhan papasok sila upang makinig sa pangaral o sermon. Kaya kung ikaw ay dumating pagkatapos nito, ang iyong pangalan ay hindi nakasulat!

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/151/mga-kaugalian-sa-pagdalo-sa-moske-masjid-1-sa-2-bahagi

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.